# ★Alam mo ba kung ano ang "Young Carers''?★



Bagama't walang legal na kahulugan, ito ay karaniwang tinutukoy bilang "mga batang wala pang 18 taong gulang na regular na nagsasagawa ng mga gawaing bahay at pangangalaga sa pamilya na mga matatanda ang dapat na responsable.

Ang pagdadala ng labis na mga pasanin na hindi angkop sa iyong edad ay maaaring makaapekto sa iyong akademikong pagganap, landas sa karera, at pakikipagkaibigan. Gayundin, ang ilang mga bata ay nararamdaman na ang kanilang sitwasyon ay binabalewala lamang at sila ay hindi maaaring



Paggagawa ng mga gawaing bahay tulad ng pamimili, pagluluto, paglilinis, at paglalaba para sa kapakanan ng isang miyembro ng pamilya na may kapansanan o karamdaman.



Pag-aalaga sa mga nakakabatang kapatid imbes ang mga magulang



Pag-aalaga sa mga kapatid na may kapansanan.



Laging inaalagaan ang pamilya sa pamamagitan ng pagbabantay sa kanila atbp.




Pag-iinterpret para sa mga pamilya kung saan hindi Japanese ang kanilang unang wika o mga pamilyang may kapansanan.



Pagtatrabaho upang suportahan ang sambahayan at pagtulong sa mga miyembro ng pamilya na may mga kapansanan o karamdaman



Pag-aalaga sa mga pamilyang may problema sa alak, droga at pagsusugal



Pag-aalaga sa mga miyembro ng pamilya na may malalang sakit tulad ng kanser, malulubhang sakit, at mga sakit sa kaisipan.



Pag aalaga sa miyembro ng pamilya na may disabilidad o kapansanan.



Pag-alalay sa mga miyembro ng pamilyang may kapansanan o karamdaman sa paliligo at pagpunta sa palikuran.

© Japan Carer Association ./ illustration : Izumi Shiga

***★Upang maisulong ang tamang pag-unawa sa Young Carers, ipi-presenta namin ang ilan sa mga poster na iginuhit ng mga mag-aaral na kabilang sa art club at sculpture club ng mga junior high school sa Anjo City.***



















## Consultation desk para sa mga Young Careers.



●Child-rearing Support Division Child and Family Section（Sa Main governmeet building, unang palapag.）
Numero ng Telepono：0566-71-2272（Direct na Linya）
Weekdays 8:30 am hanggang 5:15 pm (hindi kasama ang mga holiday sa katapusan ng taon at Bagong Taon)

●Hotline ng konsultasyon sa child guidance center (Ministry of Health, Labor and Welfare)
Numero ng Telepono ：0120-189-783（Free Dial）
24 na oras na pagtanggap ng tawag (Bukas sa buong taon) ※Walang bayad (Toll-free)

●24 na oras na SOS dial ng mga bata (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)
Numero ng Telepono ：0120-0-78310（Free Dial）
24 na oras na pagtanggap ng tawag (Bukas sa buong taon) ※Walang bayad (Toll-free)